

5. Makipag-usap sa nag-eeempleyo sa iyo.

Maaaring ang nag-eeempleyo sa iyo ay mayroon ng opisyal sa pantay na oportunidad o mayroon ng paraan para ikaw ay makapagsampa ng “Reklamo”. Suriin ang aklat-gabay ng nag-eeempleyo o makipag-usap sa pantauhang departamento.



6. Alamin kung paano pinakitunguhan ang ibang mga buntis na manggagawa.

Makipag-usap sa ibang mga kababaihan na maaaring nagkaroon ng problema sa trabaho dahil sila ay buntis.

7. Panatilihin ang paggawa ng mahusay na trabaho.

8. Magtago ng isang talaan ng iyong trabaho.

Magtago ng mga kopya sa bahay ng mga pag-susuri ng iyong trabaho at anumang mga sulat o mga memo na nagpapakita na ikaw ay gumawa ng mahusay na trabaho. Maaaring sa susunod ay pintasan ng iyong tagapangasiwa ang iyong pagganap sa trabaho upang ipagtanggol ang kanyang paggawa ng diskriminasyon.



9. Maghain ng Reklamo sa Komisyon para sa Pantay na Oportunidad (EOC).

Ang Komisyon ay ginawa upang ipagtanggol ka. Maaari mo kaming tawagan sa 2511-8211.



10. Higit pang alamin ang tungkol sa iyong mga karapatang legal.

Maaari kang makipag-usap sa isang abugado o magsampa ng kaso sa District Court.



Pagbubuntis

Maraming mga kababaihan ang lumaban sa diskriminasyon at pinabuti ang kanilang pamumuhay sa trabaho. Ang unang hakbang ay ang alamin ang iyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Maaari kang:

- Magsampa ng kaso sa District Court.
- Maghain ng reklamo sa EOC at lutasin ang problema sa pamamagitan ng pakikipagkasundo. Ang pagkakaroon ng kasunduan ay maaaring maging katapusan ng pag-uugali; isang sulat ng paghingi ng tawad; upang ang kumpanya ay magtatag ng isang patakaran para sa pantay-pantay na pagkakataon; o para sa pananalaping kompensasyon.
- Mag-aplay ng legal na tulong kung ang pakikipagkasundo ay hindi matagumpay.

Imbitahan ang Komisyon para sa Pantay na Oportunidad (EOC) na dumalo at magbigay ng panayam sa inyong kapisanan ng manggagawa o tawagan ang Komisyon at hingin na sumali sa kanilang mga naka-iskedyul na panayam.

Saan Makakakuha ng Tulong?

Nariyan Komisyon para sa Pantay na Oportunidad (EOC) upang tulungan ka. May mga materyales na pang-edukasyon sa mga batas ng diskriminasyon tulad ng “Ang DDO at Ako”, “Ang SDO at Ako”, “Ang FSDO at Ako”, “Ang RDO at Ako”. Makakakuha ng serye ng “Alamin ang Iyong Karapatan” sa Sekswal na Panliligalig, Diskriminasyon sa Pagbubuntis, at ng iba pang mga paksa.

Equal Opportunities Commission



16/F., 41 Heung Yip Road,
Wong Chuk Hang, Hong Kong

Tel : 2511 8211
Fax : 2511 8142
Website: <http://www.eoc.org.hk>

Alamin ang Iyong Karapatan

Diskriminasyon sa Pagbubuntis



Alamin ang Iyong Karapatan (Diskriminasyon sa Pagbubuntis)

Ikaw ba ay tinatrato ng hindi pantay sa trabaho dahil ikaw ay buntis? Ang Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian (SDO) ay pinoprotektahan ang mga buntis na manggagawa at mga buntis na kababaihan na nag-apply sa mga trabaho.



Nangyari na ba sa Iyo ang Anuman sa mga Bagay na ito sa Trabaho?

- Ikaw ay hindi tinanggap sa trabaho dahil ikaw ay buntis.
- Ikaw ay sinisante o tinanggal sa trabaho dahil ikaw ay buntis.
- Ikaw ay nakatanggap ng kulang sa naaayong pagtrato pagkatapos mong ipagbigay-alam sa nag-eempleyo sa iyo ang iyong pagbubuntis.
- Ikaw ay hindi napaunlakan sa pagtaas ng ranggo o paglipat dahil ikaw ay buntis.
- Ikaw ay hindi binigyan ng mga benepisyo sa panganganak dahil ikaw ay hindi kasal. (sa ilalim ng diskriminasyon sa marital status)

Hindi ka nag-iisa. Bawat taon, marami sa kababaihan ang nakakaranas ng diskriminasyon sa pagbubuntis at naghain ng reklamo sa Komisyon para sa Pantay na Oportunidad (EOC). Ang Diskriminasyon sa Pagbubuntis ay hindi lamang nakababalisa. Ito ay labag sa batas.

Ikaw ay Protektado ng Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian

Ikaw ay protektado laban sa diskriminasyon sa pagbubuntis ng Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian. Ang diskriminasyon sa pagbubuntis ay isang sibil na pagkakasala sa ilalim ng batas.



Ayon sa Batas, ang mga nag-eempleyo ay hindi pinapapayagan na:

- Tanggihan ng trabaho ang isang babae dahil sa kanyang pagkabuntis.
- Limitahan ang mga pagpipilian sa paglipat o pagsasanay ng isang manggagawa dahil siya ay buntis.
- Sisantihin o puwersahang paalisin ang isang manggagawa dahil siya ay buntis.
- Sisantihin ang isang babae pagbalik mula maternity leave.
- Tangalan ng karangalan sa serbisyo dahil sa maternity leave.

Ano ang Maaari Mong Gawin Kung Ikaw ay Ginawan ng Diskriminasyon?

1. **Isulat kung ano ang nangyari.**
Isulat ang petsa, oras at lugar ng pangyayari sa lalong madaling panahon. Isama ang lahat ng sinabi at kung sino ang naroroon. Magtago ng kopya ng mga tala sa bahay. Magiging kapakinabang ang mga ito kung ikaw ay nagpasyang magsampa ng reklamo.
2. **Magkaroon ng emosyonal na suporta mula sa mga kaibigan at pamilya.**
Ito ay maaaring lubhang nakakabalisa kapag naramdaman mo na ikaw ay natrato ng hindi pantay sa trabaho. Pangalagaan mo ang iyong sarili. Pag-isipan kung ano ang nais mong gawin. Kumuha ng tulong para gawin ito.



3. **Makipag-usap sa kinatawan ng iyong unyon kung ang unyon ang kumakatawan sa iyo.**
4. **Makipag-usap sa taong mula sa NGO ng organisasyon para sa kababaihan.**

